**Republika ng Pilipinas**
**Sangguniang Panlungsod**
**Lungsod ng Maynila**

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 4

IKA-13 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 168
**Serye ng 2025**

**KAPASIYAHAN** NA NAGPAPAABOT NG MAINIT AT TAOS-PUSONG PAGBATI MULA SA LOKAL NA PAMAHALAAN NG LUNGSOD NG MAYNILA SA IKA-111 NA TAONG PAG-ALALA NG PAGKAKATATAG NG IGLESIA NI CRISTO SA DARATING NA IKA-27 NG HULYO 2025

PANGUNAHING MGA MAY AKDA: **KGG. ROBERTO "Bobby" S. ESPIRITU II, KGG. DARWIN "AWI" B. SIA, KGG. RAYMUNDO "Mon" R. YUPANGCO,** Punong Mayorya, **KGG. ATTY. JAYBEE S. HIZON, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. TIMOTHY OLIVER "Tol" I. ZARCAL,** Pangulong Pansamantala, **KGG. JOAQUIN ANDRE "JD" D. DOMAGOSO, KGG. JULIANA RAE "Yanyan" M. IBAY, KGG. MARK ANTHONY "Tol Mac" A. IGNACIO, KGG. RAFAEL "Che" P. BORROMEO,** KGG. DRA. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. KUYA DOK FRANCIS MICHAEL U. ALMIRON, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATS1NG, KGG. VOLTAIRE "Caloy" D. CASTAÑEDA, KGG. EUNICE ANN DENICE G. CASTRO, KGG. JESUS "Taga" E. FAJARDO, JR., KGG. ROSALINO "Jhun" P. IBAY, JR., KGG. FERNANDO "Doc" S. MERCADO, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. ELMER "Joel" M. PAR, KGG. KUYA RYAN B. PONCE, KGG. JOHN CHRISTOPHER "Bolong" SY, KGG. EDWARD M. TAN, KGG. CHRISTIAN PAUL L. UY, KGG. LUCIANO "Lou" M. VELOSO, KGG. SCIENCE A. REYES, at **KGG. ANGELA LEI "Chi" I. ATIENZA,** Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo

SAPAGKAT, sa pamumuno ni Kapatid Felix Y. Manalo, ang Iglesia Ni Cristo (INC) na itinatag noong ika-27 ng Hulyo 1914 at hanggang sa kasalukuyang panahon ay patuloy ang pagdami at paglago ng kapatiran sa buong Pilipinas gayundin sa ibat-ibang panig ng daigdig;

SAPAGKAT, ang Iglesia Ni Cristo kasabay nang patuloy na pagbabahagi at pagpapalaganap ng mga salita at turo ng ating Panginoong Diyos ay ang pamamahagi ng tulong sa mga naghihikahos at may mga karamdaman nating kababayan;

SAPAGKAT, ang mga programa at proyekto ng Iglesia Ni Cristo ay lubos na hinangaan, pinarangalan at kinilala hindi lang mula sa pribadong sektor gayundin lalo na mula sa ating pamahalaan at dahil dito ay ipinasa at isinabatas ang Republic Act No. 9645 noong ika-3 ng Hunyo taong 2009 kung saan itinalagang *Special National Holiday* ang ika-27 ng Hulyo ng kada taon sa pagkakilala ng pagkatatag nito na sinusugan ng Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa pamamagitan ng Proclamation No. 729;

SAPAGKAT, sa darating na ika-27 ng Hulyo, 2025 ay ipagdiriwang ang ika-111 na taon ng pagkakatatag ng Iglesia Ni Cristo at sa pinagpalang araw na ito ay naaayon at nararapat lamang na batiin at ipanalangin ang patuloy na pagyabong ng kapatiran upang maipagtuloy na ipamahagi ang salita at gawa ng Diyos habang nagkakaloob ng serbisyo sa mga taong bayan lalo na sa mga nangangailangan: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapaabot ng mainit at taos-pusong pagbati mula sa Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng Maynila sa ika-111 na taong pag-alala ng pagkakatatag ng Iglesia ni Cristo sa darating na ika-27 ng Hulyo 2025; at mangyaring Muling

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasiyahan na ito ay ipamahagi sa Iglesia ni Cristo (INC), Central Office.

PINAMUNUAN NI:

**ANGELA LEI "Chi" I. ATIENZA**
Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong ika–10 ng Hulyo 2025.

PINATUNAYAN:

**ROMEO N. FRANCIA**
Pansamantalang Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

CLN:lay/acl/jok/cpf/hpr/asr